



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Abril 21, 2021

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristina Chu, 415.519.5397

Magkasabay na iorganisa ng Air District at CBE ang virtual na workshop para sa draft ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan ng AB&I Foundry

SAN FRANCISCO – Magsasagawa ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ng isang magkasamang virtual na workshop kasama ang Communities for a Better Environment sa **Biyernes, Mayo 7, 2021, mula 5:30 hanggang 8:30 p.m.** para maglahad, magtalakay at tumanggap ng mga komento sa draft ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan para sa AB&I Foundry na nakabase sa East Oakland.

Ipinahihiwatig ng draft ng pagtatasa sa panganib sa kalusugan, na inaatas ng Panuntunan 11-18 ng Air District, na nagpapakita ng mas mataas na panganib sa kalusugan ang mga emisyon mula sa AB&I Foundry at kinakailangang magpasa ang pasilidad ng plano sa pagbabawas ng panganib sa Air District at bawasan ang pagkakalantad ng nakapaligid na komunidad sa polusyon sa hangin. Lumalagpas sa antas ng aksiyon sa panganib na 10 sa isang milyong ang mga panganib sa kalusugan ng mga manggagawang hindi nagtatrabaho sa mismong lugar ng trabaho at mga tirahan. Ang mga nakakalasang emisyon ng bakal ang pinakamalalaking nag-aambag sa pinakamataas na panganib sa kalusugan. Nanggagaling ang karamihan sa mga nakakalasang emisyon sa mga prosesong namamahala sa tinunaw na bakal.

"Kinakailangan ang mga mas mahigpit na pagkontrol sa polusyon para maprotektahan ang kalusugan ng mga residente ng East Oakland at napakahalaga ng pinagtulungang pagsisikap na ito kasama ang Communities for a Better Environment sa pagkuha ng saloobin mula sa mga nakatira at nagtatrabaho malapit sa pasilidad," sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. "Nagbibigay ang workshop na ito ng mga pagkakataon para matuto pa, magtanong, at magpasa ng mga komento ang publiko tungkol sa draft ng pagtatasa.."

"Hindi pagkakamali na nagpapatakbo ang AB&I sa isang kapitbahayang dati nang naka-redline (iniwasan nang dahil sa pinansiyal na panganib nito)," sabi ni Ernesto Arevalo, ang direktor ng programa ng NorCal ng Communities for a Better Environment. "Malalim ang pinagmulan ng racism sa kapaligiran at dapat humantong sa aksiyon ang mga napag-alaman mula sa Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan."

Iskedyul ng Workshop

Biyernes, Mayo 7, 2021 mula 5:30 hanggang 8:30 p.m.

Para sumali sa pamamagitan ng web browser: <https://us02web.zoom.us/j/84265732418>

Para sumali sa pamamagitan ng telepono: **669.900.6833**

Meeting ID: **842 6573 2418**

- Para sa pagsasalin ng wika, makipag-ugnayan kay Aneesh Rana sa arana@baaqmd.gov o sa 415-749-4914 sa loob ng hindi bababa sa 72 oras bago ang workshop.
- Para información en español, llame al 415-749-4609.
- 中文聯絡電話 415-749-4609.
- Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609.

Impormasyon at Mga Komento

May 60 araw ang publiko para suriin ang pagtatasa ng panganib sa kalusugan at magbigay ng opinyon tungkol dito. Tutugunan ng mga tauhan ng Air District ang lahat ng komento bago nila tapusin ang ulat. Para sa mga tanong o para magpasa ng mga komento, makipag-ugnayan kay Carol Allen, ang tagapamahala sa engineering, sa callen@baaqmd.gov. Sa **Martes, Hunyo 8, 2021, nang 5 p.m.** ang huling araw ng pagpasa ng mga komento. Para suriin ang pagtatasa ng panganib sa kalusugan, bumisita sa:

<https://www.baaqmd.gov/community-health/facility-risk-reduction-program/facility-risk-reduction-list>.

Para sa impormasyon tungkol sa draft ng pagtatasa ng panganib sa kalusugan ng AB&I Foundry, tingnan ang aming [mga madalas na itanong](#).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)